NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Pebrero 25, 2019



**TULA**

## NANG DILIGIN NG DUGO ANG KAMERA

NI REY TAMAYO, JR.

**NOBELA**

## HIGIT NA MATIBAY

Ni ARMANDO T. JAVIER

**BAGONG MANUNULAT**

## LABAN NG MANDIRIGMA

Ni ARON RAMOS NUNAG

MANILA BULLETIN PUBLISHING

P25

# Sylvia SANCHEZ

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# 100 TAON NI FRANCISCO V. COCHING

Ni RANDY VALIENTE

MASALIMUOT ang naging kasaysayan ng komiks sa Pilipinas. Ipinanganak ito noong 1929 nang magsimulang lumabas sa mga pahina ng *Liwayway* ang 'Kenkoy' na gawa ni Antonio Velasquez na tinaguriang 'ama ng komiks'. Lumago ito noong dekada '50 at '60, nagkaroon ng supresyon noong dekada '70 sa panahong Batas Militar, ngunit naabot nito ang pinakarurok ng tagumpay nang mga huling taon ng '70 hanggang '80.

Unti-unti itong lumamlam noong mga huling taon ng dekada '90 at pagsisimula naman ng pag-angat ng 'independent scene' ng komiks. Sa kasalukuyan, patuloy ang ebolusyon nito dahil na rin sa pagsulpot ng teknolohiya at patuloy na pag-iral ng globalisasyon.


Ang komiks ay wala na sa bangketa at bilihan ng mga dyaryo, matatagpuan na ito sa mga malalaking *bookstore* at 24-*hour stores*. Mababasa na rin ito sa *internet* at *cellphone*. At hindi na lang kapwa Pilipino ang nakakakita nito kundi saanmang panig ng mundo.

Sa patuloy na pagbabagong ito ng mundo, marami sa mga gumagawa ng komiks ay nakaligtaan na ng bagong panahon.

Ngunit nitong mga nakalipas na ilang dekada, muling nahuhukay ang mga taong naging dahilan kung bakit ang midyum ng komiks ay dapat na bisitahin at muling pag-aralan—isyu man ng kasaysayan o sosyolohikal nitong ambag sa lipunan.



Mga obra ni Koko.




Francisco V. Coching-Pambansang Alagad ng Sining.

Isa sa nagkaroon ng malaking pangalan si Francisco V. Coching, ang tinaguriang 'Dekano ng Dibuhong Pilipino'. Siya ang gumawa ng mga akdang 'Pedro Penduko', 'Lapu-Lapu', 'Marabini', 'El Indio', at napakarami pang iba. Ayon sa mga tala, si Coching ay nagkaroon ng 58 na likhang komiks at ang 53 dito ay naisapelikula. Ang natitirang mga akda na hindi naging pelikula ay sinasabing dahil hindi kaya ng 'film technology' nang mga panahong iyon ang pagsasalin.

Sino nga ba si Francisco V. Coching? Siya ay ipinanganak noong Enero 28, 1919 sa bayan ng Pasig, probinsiya pa dati ng Rizal. Anak ng nobelista at dibuhistang si Gregorio Coching. Maagang namulat sa mundo ng publikasyon ang batang si Koko (kanyang palayaw) dahil sa kanyang ama na gumagawa na noon sa mga bernakular na babasahin. Hindi siya nakapagtapos ng pag-aaral dahil maaga siyang nakapag-*training* sa magasing *Liwayway* bilang dibuhista sa






Mga bagong gumagawa ng komiks na nagbigay-pugay sa isang pagtatanghal na ginawa sa Ayala Museum na pinamagatang 'Pagbati sa Hari'.

ilalim ni Antonio Velasquez. Sa murang edad ay kinakitaan ng potensiyal na magiging isang mahusay na manunulat at dibuhista sa komiks balang araw. Bukod sa mga dyaryo at magasin na dala ng mga Amerikano, na naging malaking impluwensiya sa halos lahat ng mga naunang dibuhistang Pilipino na nagtatrabaho sa mga publikasyon, ay malaking inspirasyon kay Koko ang 'Kulafu' na isinulat ni Pedrito Reyes at dinibuho ni Francisco Reyes.

Sa edad na 15, sinimulan niyang gawin ang 'Bing Bigotilyo' na lumabas sa mga pahina ng magasing *Silahis* noong 1934. Sinundan ng 'Marabini' noong 1935 na impluwensiya ng 'Kulafu'. Huminto siya sa paggawa ng komiks nang dumating ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig kaya naging gerilya siya sa Kamagong Unit ng Hunters ROTC. Matapos ang digmaan ay umangat nang husto ang pangalan ni Coching sa lahat ng gumagawa ng komiks dahil sa kanyang dedikasyon sa trabaho. Naging *instant hit* ang kanyang 'Hagibis' sa mga pahina ng *Liwayway*. Nangunang inspirasyon ng halos lahat ng mga sumunod na dibuhista sa bansa kaya nabuo ang katawagang 'dekano' (dean). Itinaas niya ang lebel ng dibuhong komiks sa bansa at naging pamantayan ng mga mahuhusay na dibuhista tulad nina Nestor Redondo, Alfredo Alcala, Tony de Zuniga, Alex Niño, at napakarami pa. Walang mag-aaral sa komiks noon na hindi dadaanan ang trabaho ni Coching. Siya ang naging moog ng lahat ng mga dibuhistang gustong makapasok sa industriya.

Noong 1972, pumunta sa Pilipinas ang mga *executives* ng American *comics company* na National Publication (ngayon ay DC Comics) upang hikayatin ang mga Pilipino na gumawa sa Estados Unidos. Halos lahat ay nakuha ng mga editor upang magtrabaho roon kaya nagkaroon ng tinatawag na 'Filipino Invasion of US Comics' sa kasaysayan ng kanilang industriya. Kasama si Koko sa *meeting* na iyon ng mga *executives* at mga dibuhista ngunit tumanggi siyang sumama sa pagtatrabaho sa Amerika. Sinabi niyang mas gusto niyang magtrabaho sa sarili niyang bansa at ialay ang kanyang likha sa mga Pilipino.

Naging *superstar* sa American *comics* sina Nestor Redondo, Alfredo Alcala at Alex Niño dahil sa angking galing na ipinakita. Ngunit isipin na lamang ninyo kung pumayag na magtrabaho si Koko sa Amerika, malamang ay mas marami siyang paiiyakin dahil siya lang naman ang hinahangaan ng mga naging *superstars* na ito.

Nagretiro si Koko sa halos 39 taon na pagtatrabaho sa komiks. Ang kanyang kahuli-hulihang trabaho ay ang 'El Negro' na lumabas noong 1974.

Pumanaw noong Setyembre 1, 1998 sa edad na 86.

Makalipas ang maraming dekada, marami nang pinagdaanan ang komiks, mula sa paglakas, paghina, at pagkakaroon nito ng ebolusyon, muling nahukay ang angking galing ni Koko dahil na rin sa pagsusumikap ng ilang mga tagakomiks at akademya na kilalanin ang kanyang mga trabaho.

Inilabas ng *art critic* at iskolar na si Patrick Flores ang aklat na 'Komiks Katha at Guhit ni Francisco Coching' noong 2001. Sinundan ito ng 'The Life and Art of Francisco Coching' ng publikasyong Vibal noong 2010.

Nakuha ni Coching ang pinakamataas na parangal sa sining noong Hunyo 20, 2014 nang itanghal siyang 'Pambansang Alagad ng Sining para sa Sining Biswal' sa proklamasyon bilang 808, serye ng 2014. Siya ang kauna-unahang anak ng komiks na nakatanggap ng ganito kaprestihiyosong parangal (nakatanggap din ang isang tagakomiks na si Larry Alcala nito lamang 2018).

Ngayong 2019, bilang paghahanda sa ika-100 taon ni Francisco Coching, nagkaroon ng malaking eksibisyon ng kanyang mga trabaho sa Ayala Museum sa Makati. Ipinakita rito ang kanyang buhay at pakikipagsapalaran sa mundo ng komiks. Ipinakita ang mga parangal at mga nobelang naging bahagi na ng kamalayang Pilipino. Kasabay nito ay nagkaroon ng mga serye ng *public lecture* at *talks* tungkol sa mundo ng komiks at nang mismong mga trabaho ni Koko.

Sa huling linggo ng *exhibit* ay nagkaroon ng buong araw na komiks *event* kung saan nagsama-sama ang mga datihan at baguhang gumagawa ng komiks upang mai-*showcase* ang komiks ng Pilipino at ni Coching.

Matapos ang ilang araw ay itinanghal naman ang kanyang mga trabaho tungkol sa mga kababaihan, bilang tugon sa Buwan ng Kababaihan sa Pebrero, sa Cultural Center of the Philippines na pinamagatang 'Mara-Bini', ito ay mula sa kanyang nobela na may ganoon ding pamagat na ang ibig sabihin ay 'marahas na binibini'.

Magkakaroon din ng isa pang eksibisyon sa SM Aura Mall sa Taguig at susundan pa ito ng magkakasunod na *tour exhibit* sa bansa.

Ang lahat ng ito ay pagbibigay-pugay sa napakalaking ambag ni Francisco Coching sa mundo ng komiks. Kung saan ang midyum na ito ay tinagurian noong 'pambalot ng tinapa' at 'cheap entertainment', ngayon ay isa na sa patuloy na hinuhukay ng mga nag-aaral ng sining at kasaysayan. Matagal nang wala sa mundo si Koko, at kung makikita lamang niya sa kasalukuyang panahon ang pagbibigay-halaga sa kanyang mga pinagsikapan, masasabi niya sa sarili, 'Job well done.' L



Eksibit ng Mara-bini sa CCP, kasama sina Propesor Vim Nadera, mga anak ni Koko na sina Maridel at Lulu, at si Randy Valiente.

# Sylvia Sanchez, pang-award ang husay sa pelikulang Jesusa

**Ni NONIE V. NICASIO**

KAHIT *trailer* pa lang ng *latest movie* ng *award winning actress* na si Ms. Sylvia Sanchez ang napanood ng mga taga-*entertainment press,* marami ang pumuri sa kakaibang husay na ipinamalas niya sa pelikulang Jesusa.

Ito'y mula sa pamamahala ni Direk Ronald Carballo at prodyus ng OEPM (Oeuvre Events and Production Management) na pag-aari ng magkapatid na sina Jean Rayos-Hidalgo at Junnel Rayos.

Sa pelikulag ito ay gumaganap si Sylvia bilang isang misis na iniwan ng kanyang asawa nang sumama ito sa kerida. *First time* gaganap ang premyadong aktres na isang papel na adik o gumon sa ipinagbabawal na gamot na nasa *bucket list* daw ni Ms. Sylvia.

Hindi naman itinanggi ni Direk Ronald na *second choice* ang aktres sa *lead role* dahil *original choice* niya ay ang Superstar na si Nora Aunor. Sinabi pa nga raw niya noon na hindi niya gagawin ang proyekto kung hindi si Nora ang gaganap na Jesusa.

Nang hingan ng komento si Ibyang (palayaw ni Ms. Sylvia) hinggil dito, sinabi niyang naging tapat sa kanya ang mga nasa likod ng naturang proyekto. Walang kaso raw sa kanya ito dahil sa *Be Careful With My Heart* ay hindi rin siya ang *first choice.*

"Maraming *projects* na hindi ako *first choice,* pero sa akin napupunta at ako ang suwerte. Hindi importante sa akin kung sino iyong *first choice* nila. Ang importante sa akin, sa akin napunta at gagampanan ko nang buong-buo," sambit ng Kapamilya aktres.

Dagdag pa niya, "Sabi ko pa nga, 'Wow! Ibang-iba ito sa akin. *So,* sige kunin ko ito.' Kasi iyong *role* nakita naman ninyo, naging loka-loka, naging adiktus. *Never* kong ginawa, *never* akong naging *addict* sa *role, so* parang, '*Wow! Challenging!*'"

Nakiusap naman ang premyadong aktres na huwag na silang gawan ng intriga ni Ms. Aunor. Nang usisain pa si Ms. Sylvia kung ano ang pakiramdam kapag parang ikinokumpara siya sa Superstar, aminadong wala raw siya sa kalingkingan ni Nora. "Kasi ni katiting sa narating ni Ate Guy, hindi ko narating iyon. Ate Guy *is* Ate Guy, *no comparison.* Irespeto natin ang Superstar dahil pinaghirapan ni Ate Guy iyan. Isa ako sa may respeto at humahanga sa Superstar natin.


"At kahit anong mangyari, lalapit pa rin ako sa kanya at sasabihin ko na walang yabang, 'Ikaw pa rin ang nasa *top.* Ikaw pa rin ang nirerespeto ko. Ikaw pa rin ang nag-iisang Nora Aunor!' Nora Aunor *is* Nora Aunor! Walang makakapantay, walang makakalagpas!"

Bahagi rin ng Jesusa sina Allen Dizon, Ynez Veneracion, Mara Lopez, Malu Barry, Vince Tanada, Fanny Serrano at *introducing* si Uno Santiago. Planong ipalabas ito sa mga sinehan *nationwide* sa May, 2019 bilang Mother's Day *offering* ng OEPM.

Samantala, ang iba pang pinagkakaabalahan ni Ms. Sylvia ay ang bago niyang TV *series titled Project Kapalaran* na tinatampukan din nina JM De Guzman, Arci Muñoz, Maris Racal, at Joey Marquez. Gumaganap siya rito bilang si Nanay Luzviminda na may walong anak.

Kabilang din siya sa pelikula nina Liza Soberano at Enrique Gil na *Alone/Together,* na *mother* naman ni Liza ang kanyang papel.

Napapanood din si Ms. Sylvia sa *Sylviahera,* ang *travel-cooking show* niya na ipinalalabas sa CasaNieves.TV, Youtube Channel, Facebook, Instagram, at Vimeo. *Every last Friday of the month* ito napapanood sa ganap na 5 PM.



Larawang mula kay Allan Sancon

Ayon pa kay Ms. Sylvia, mayroon ding mga *bloopers* na ina-*upload* dito na kaabang-abang. Nabanggit din niya na kaya niya tinanggap ito ay dahil *passion* niya talaga ang pagluluto at ang pag-*travel.* Kaya nagagawa niya ang mga bagay na kanyang gusto, na may bayad pa.

Abangan ang mga susunod pang *episode* nito na kuha pa sa ibang probinsiya, bitbit ang kanyang *travelling* maleta na may *cooking stove* at mga sandok.

# Allen Dizon, sunod-sunod ang mga de-kalibreng pelikula

**Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO**



PATULOY sa paggawa ng mga makabuluhan at bigating pelikula ang premyadong aktor na si Allen Dizon. Si Allen ang itinuturing ngayon bilang *most awarded actor* sa kanyang henerasyon. Ang kagandahan nito, ang mga parangal na natanggap niya ay hindi lang sa *local award giving bodies,* kundi maging sa mga prestihiyosong *international film festivals.*

*Last year* ay nakapitong Best Actor *award* si Allen, kabilang dito ang Dhaka Intl Film Festival sa Bangladesh para sa *Bomba* ni Direk Ralston Jover, 4th Sinag Maynila International Film Festival, 16th Gawad Tanglaw Awards, Famas Awards, 25th Facine Awards sa San Francisco USA, at sa 5th Urduja Heritage Awards, lahat para sa pelikulang Bomba.

*Seventh* Best Actor niya ang nasungkit *last* 2018, na napanalunan ni Allen sa International Film Festival Manhattan sa New York para naman sa pelikulang *Sekyu* ni Direk Joel Lamangan.

Katatapos lang niyang mapanood sa *Alpha: The Right to Kill* na kakaibang Allen ang napanood sa bagong obra ng premyadong Cannes Best Director na si Brillante Mendoza. Ang naturang pelikula ay nanalo ng Special Jury Prize sa 66th San Sebastian Film Festival sa Spain.

Inaasahang muling hahakot si Allen ng *awards* sa mga naka-*line-up* niyang pelikula *this year.* Bukod sa Alpha, kabilang sa mga pelikulang ito ang *Persons of Interest* na *dual role* siya, isang bulag na *prime suspect* sa paglason sa may edad na kinakasama at isang 'imaginary friend' ng kanyang kaisa-isang anak. Ang director nito ay isang *award winning filmmaker* din sa katauhan ni Direk Ralston Jover.

Ang isa pa sa kaabang-abang na pelikula niya ay ang *Lalay* na mula sa BG Productions International ni Ms. Baby Go. Dito ay gumaganap si Allen bilang isang *battered husband* ng bayolenteng misis niya na ginagampanan ni Lovi Poe. Kasama rin dito sina Mariel de Leon at Snooky Serna.

Plus, ang pelikulang *Mindanao,* na isang sundalong Muslim naman ang papel ni Allen na habang nakikipaglaban sa giyera sa Mindanao ay nakikipaglaban din sa kamatayan ang kanyang anak na may kanser. Tampok din dito si Judy Ann Santos at mula sa pamamahala ni Direk Brillante pa rin.

Kabilang pa sa mga pelikulang ito ang katatapos lang niyang gawin, ang Jesusa na katambal ng aktor ang isa pang *award-winning actress* na si Ms. Sylvia Sanchez. Dito'y gumaganap si Allen bilang isang pabaya at babaerong asawa ni Ms. Sylvia.

Mula sa pamamahala ni Direk Ronald Carballo, ang Jesusa ay prodyus ng OEPM (Oeuvre Events and Production Management) na pag-aari ng magkapatid na sina Jean Rayos-Hidalgo at Junnel Rayos. Kasama rin sa pelikula sina Ynez Veneracion, Mara Lopez, Empress Schuck, Malu Barry, Vince Tañada, Mon Confiado, at *introducing* sa pelikula si Uno Santiago. Planong itaon ang *showing* ng Jesusa sa Mother's Day.

# Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"'Alis na kami, Ron, babalik pa raw sa *parlor* si Janno."

"Gano'n ba? Sige."

Inubos lang nito ang iniinom na buko pandan, saka tumindig na. Kasunod silang dalawa, nilapitan nila ang nanay ni Ronron na may kausap na dalawa ring misis.

"'Nay, aalis na raw sila."

"'Andali n'yo naman…?"

"Me trabaho pa ho kasi si Janno," sabi ni Jonna, "tumakas lang s'ya."

"Sige, kundi kayo mapigil…"

Hinanap ng kanilang mga mata ang lolo ni Ronron, magpapaalam din sana rito, pero wala na ang balikbayan sa paligid.

"Baka nagpahinga na," sabi ni Ronron. "Napagod siguro…"

Inihatid sila ni Ronron hanggang sa *barangay hall.*

"*Thank you,* Ron, ha?" sabi ni Jonna.

"Basta kayo!" Tinapik si Janno sa balikat.

Bumusina si Jonna kay Ronron nang makasakay sila sa *scooter* at pabalik na sa kalsada.

"Ingat kayo!" Tinanaw sila ni Jonna, saka pumihit para bumalik sa mga kaanak nito sa pulo.

Nasa *parlor* pa nga si Zeny. May ginugupitang babae, na sa suot na uniporme ay nakilala ni Janno na isang *teacher.* Hindi rin agad sila nakapagsara; bukod kasi sa gupit, nagpa-*facial* din si Ma'm.

Sa uwian, nagprisinta siyang ihatid si Zeny.

"Bakit?"

"Wala, gusto ko lang. Me masama ba?"

Napangiti. "Wala. 'Lika na." At ikinawit pa ang braso sa kanyang braso.

Busog pa man sa mga nakain sa palaisdaan, hindi naman siya nakatanggi nang alukin ni Aling Elsie na roon na maghapunan.

NASA kuwarto na si Janno pasado alas-nuwebe, nang tumunog ang kanyang *cellphone.* May *text message* siya, at nang kanyang sinuhin, nakarehistro ang pangalan ni Nets.

*Musta na u?*

Sinagot niya: *OK. Mis ko na kiss mo.*

Sumagot: *He-he-he!*

*Sa'n ka?*

*D2 sa bahay.*

*Sa QC?*

*Sa Tramo.*

Nasa Zapote na si Nets! Na-*excite* si Janno.

*Kita tayo tom…?*

Natagalan nang kaunti bago mag-*reply. Cge.*

Napangiti si Janno. Naiimadyin niyang mababasa na naman ang mga labi niya.

(ITUTULOY)

# Nang diligin ng dugo ang kamera



Sa bawat pagsilip sa lente ng kamera'y,
Inaaninaw nito ang pangitain-
Na animo'y wawasak ng pangarap.

Mistulang winisikan ng dugo
Ang lipunang binalot ng takot,
Mula sa mabangis at mapaniil-
Na mga buwayang nasa lansangan.

Saan man mapasuling
Ay laging may banta ng panganib.
Sa bawat hinuhulmang larawan,
Inuukit nito sa isipang balisa–

Na may iba't ibang emosyon,
Anggulo, at komposisyon.

Hinuhubaran ng bawat pitik
ang nalalabing saplot ng kubling malay,
Upang ilantad ang realismo ng mga obra.

Habang unti-unting pinapako
Ang mga imahen sa Golgota,
Upang papanagutin
Sa huwad na kasalanan.
At piliting lumuhod
Sa mga makikintab na aso sa palasyo,
Na umuungol sa dilim
At tumatahol sa Hades.

Depokado ang larawan
Dahil naaalog ang lipunan.
Madilim ang larawan
Dahil kaunti ang liwanag ng batas.
Walang mabuong larawan
Dahil may dugo ang lente ng litratista.

**- REY TAMAYO, JR.**